DOI: https://doi.org/10.15631/ubafrj.v2i1.213

# KABISAAN NG DULOG EKSPERYENSYAL SA PAGTUTURO NG GRAMATIKA SA MGA MAG-AARAL NG FILIPINO 11 NG PAMANTASAN NG BOHOL

**VIRGINIA B. BONGCAC**

***Corresponding Author: bongcacvirginia@gmail.com***

## ABSTRAK

***Article History***

Submission: March 18, 2024
Revised: May 14, 2024
Accepted: July 23, 2024
Publication: September 2024

***Keywords***— Kabisaan; Dulog Eksperyensyal; Tradisyunal; akademik perpormans; Pre-Test; Post-Test; kakayahang gramatika

Nilalayon ng pag-aaral na ito ang masukat ang kabisaan ng dulog eksperyensyal sa pagtuturo ng gramatika sa mga mag-aaral ng Filipino 11 ng Senior High School ng Pamantasan ng Bohol, Siyudad ng Tagbilaran, Bohol, Unang Semestre, Taong Panuruan 2019-2020: Mungkahing Kaparaanang Pampagpabuti. Ang pag-aaral na ito ay naihahanay sa eksperimental na pananaliksik at sa pagsusuri ng dokumento na ginamitan ng dalawang pamamaraan sa pagtuturo, ang Tradisyunal at ang Cross-Age Peer Tutoring. Sa pagsusuri ng mga datos ginamit ang sumusunod na istatistikal na pormula: simple percentage, arithmetic mean, t-test, Pearson Product Moment Coefficient of Correlation at One-way ANOVA. Sa katiyakan, nilalayong makuha ang propayl ng mga piling mag-aaral sa STEM Filipino 11 batay sa kasarian at akademik perpormans, antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa gramatikang Filipino ng pangkat Tradisyunal at pangkat Eksperimental batay sa apat na komponent sa kakayahang gramatika at ang maimumungkahing kaparaanang

©M.B. Caipang and C.B. Orcullo (2024). Open Access. Ang artikulong ito na inilathala ng UB Advancing Filipino Research Journal ay lisensyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution-Noncommercial 4.0 International (CC BY-NC 4.0). Ikaw ay malayang makakapagbahagi (kopyahin at muling ipamahagi ang materyal sa anumang medium o format) at makakapag-angkop (remix, baguhin, at bumuo sa materyal). Sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon, kailangan mong bigyan ng wastong kredito, magbigay ng link sa lisensya, at ipahayag kung may mga pagbabago na ginawa. Maaari mong gawin ito sa anumang makatuwirang paraan, ngunit hindi sa paraang nagmumungkahi na ang nagbigay ng lisensya ay sumusuporta sa iyo o sa iyong paggamit. Hindi mo maaaring gamitin ang materyal para sa mga layuning komersyal. Upang makita ang isang kopya ng lisensyang ito, bisitahin ang: https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

pampagpabuti. Batay sa ginawang masusing pagsusuri, napag-alaman ng mananaliksik na mayroong makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagitan ng Pre-Test at Post-Test ng pangkat Tradisyunal at pangkat Eksperimental. Sa nabuong kongklusyon, mas mabisa ang tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo ng gramatikang Filipino. Ito ay nangangahulugan na naging epektibo ang pagtalakay ng guro sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

## PANIMULA

Isa sa mga dakilang biyayang ipinagkaloob ng Diyos sa tao ang wika. Nagkakaintindihan at nakapagbibigayan ng kani-kanilang mga pananaw, opinyon, kautusan, tuntunin, impormasyon, gayundin ng mga mensaheng tumatagos sa puso at isipan ng ibang tao, pasalita man o pasulat gamit ang wika at tuntunin ng gramatika. Ang kakayahang gramatika ay naaayon sa mga tuntunin ng wika o balarilang kayarian na alam ng taong nagsasalita ng wikang Filipino. Maipapakita ng isang tao na nagtataglay ito ng kaalaman at kakayahang nabanggit kung nauunawaan at nasasabi niya ang iba't ibang paraan ng pagpapahayag gamit ang angkop na bantas, anyo, at uri ng pangungusap at iba pang mahalagang aspekto ng gramatika. Kaya nararapat lamang na masukat ang kakayahang gramatika ng mga mag-aaral sa kanilang tatas sa pagsasalita, kakayahang umunawa, at makagamit nang tamang salita. Hindi nangangahulugan na sa kaalamang makagamit ng mga pangungusap ay may wastong gramatika, kundi may kakayahan ding ipakita at gamitin ang alinmang gawaing pakikipag-usap sa angkop na sitwasyon.Sa kasalukuyan, ang mananaliksik ay isa sa mga guro sa Filipino ng Senior High School ng Pamantasan ng Bohol, Siyudad ng Tagbilaran. Hindi maipagkakaila na maraming mag-aaral ang nahihirapan sa pakikipagkomunikasyon maging sa paggamit ng wastong tuntuning panggramatika sa wikang Filipino, pasalita man o pasulat. Dahil dito malaki ang epekto nito sa pagtuturo ng guro at maging sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ito ang nag-uudyok ng mananaliksik na magkaroon ng isang pag-aaral ukol sa kabisaan ng dulog eksperyensyal sa pagtuturo ng gramatika ng mga mag-aaral sa Filipino ng Senior High School upang masukat ang kakayahan at kalinangan sa kakayahang panggramatika at pakikipagkomunikasyon gamit ang wikang Filipino. Ang resulta sa pananaliksik na ito ang magsisilbing batayan sa pagmumungkahi ng kaparaanang pampagpabuti upang malinang ang kahusayan sa kakayahang gramatikang Filipino. Naniniwala ang mga dalubwika sa kasalukuyang panahon na ang wika ay inimbento at dinebelop ng mga tao upang maging paraan ng paglipat ng kaalaman. Habang tumatagal ang panahon, ang wika ay patuloy na nagbabago kasabay sa pagbabago ng panahon at ugnayan ng mga tao sa isa't isa gamit ang tuntuning gramatika. Ito rin ang sentro ng karanasan bilang tao. Ang lahat ng konseptong tinataglay ng tao hinggil sa mga bagay-bagay sa mundo ay nagmula sa kanyang wikang ginamit. Masasabing ang gramatika ng wika ang humuhulma sa kaisipan ng tao sapagkat gamit ang

wika naipakikita ng tao kung paano niya nakikita ang mundo o ang kanyang lipunang kinabibilanganat makabuo ng isang kaisipan hinggil sa sariling pag-unawa.

**Batayang Legal**. Alinsunod sa Saligang Batas ng Pilipinas (1987), Artikulo XIV, Seksyon 1 na Dapat pangalagaan at itaguyod ang Estado ang karapatan ng lahat ng mga mamamayan sa mahusay na edukasyon sa lahat ng antas at dapat magsagawa ng angkop na mga hakbang upang matamo ng lahat ng gayong edukasyon. Idinagdag pa ng Artikulo XIV sa Seksyon 6 Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas na: Ang wikang Pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nililinang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika. Idinagdag pa sa Artikulo XIV sa Seksyon 9 Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas na:Dapat magtatag ang kongreso ng isang komisyon ng wikang Pambansa na binubuo ng mga kinatawan ng iba't ibang mga rehiyon at mga disiplina sa magsasagawa, mag-uugnay at magtataguyod ng mga pananaliksik sa Filipino at iba pang wika para sa kanilang pagpapaunlad, pagpapalaganap at pagpapanatili. Nakasaad sa Republic Act 7104, Seksyon 2 na: Dapat tiyakin ng pamahalaan na itaguyod ang ebolusyon, pagpapaunlad at karagdagang pagpapayaman ng Filipino bilang pambansang wika ng Pilipinas. Batay sa umiiral na Filipino at iba pang mga wika.Batay sa DepEd Order No. 31, s.2012 Policy and Guidelines on the Implementation of Grade 1 to 10 of the K-12 Basic Education Curriculum, School Year 2012-2013. **Kaugnay na Literatura.** Ayon sa aklat ni Baronda (2016) sa gramatika, sinusuri nito ang mga bahagi na may kinalaman sa kabuuan ng wika. Nakakamangha na ang tao ay natutunan ang lahat ng mga bahaging bumubuo sa wika lalo na kung ito ay kanyang unang wika nang hindi niya namamalayan. Binibigyang pansin ng lingguwistika bilang disiplina ang sumusunod: (1) **Ponolohiya** na nangangahulugan na ito ay isang sistema ng palatunugan ng isang wika. (2) **Morpolohiya** nangangahulugang pag-aaral sa proseso ng pagbuo ng mga salita na kakatawan sa mga nais ihayag na diwa at kahulugan. Tinitingnan din nito ang mga kaugnay na sistema sa kung paano isinasaayos ang mga maliliit na yunit o tinatawag na Morpema na itinuturing na pundasyon ng kahulugan at diwa ng wika, (3) **Sintaksis**ay tumutukoy sa anyo, ayos, at estruktura ng mga binubuong pangungusap at saklaw ang mga pamantayan na dapat isaalang-alang sapagiging tama at angkop ng kaanyuan ng mga binubuong pangungusap, (4) **Semantika** na nangangahulugan na ang pag-aaral sa kahulugang taglay ng mga salita maging ang kahulugan ng mas malalawak na yunit gaya ng sugnay at pangungusap, (5) **Pragmatiks** isinaalang-alang nito ang kahalagahan ng konteksto na nakaaapekto sa interpretasyon ng mga mensahe sa isang taong gumagamit ngwika, at (6) **Diskurso** na nangangahulugang sa bahagi nito ay ang pag-aaral sa sistema ng aktibong pakikipagpalitan ng mensahe sa pagitan ng mga taong sangkot sa proseso ng komunikasyon sa parehong pasalita at pasulat na mga pamamaraan. Sa aklat ni Bernardino (2016), ang bawat wika ay may kanya-kanyang sistema ng mga tunog, pagbuo ng mga salita at nang

gramatika. Sa aklat nina Cantillo, Gime at Gonzales (2016), ang gramatika ay tungkol sa tuntunin ng wastong paggamit ng mga bantas, salita, bahagi ng pananalita, pagbuo ng parirala, sugnay at pangungusap na nagtuturo ng wastong balangkasan at palakahulugan, pabigkasan, at palaugatan ng mga salita. Sa aklat na nailimbag nina Dayag at del Rosario (2016), ang kakayahang gramatikal ay pag-unawa at paggamit sa kasanayan sa ponolohiya, morpolohiya, sintaksis, semantika, gayundin ang mga tuntuning pang-ortograpiya. Ang komponent na ito ay magbibigay kakayahan sa taong nagsasalita upang magamit ang kaalaman at kasanayan sa pag-unawa at pagpapahayag sa literal na kahulugan ng mga salita. Ang kakayahang gramatika ay naaayon sa mga tuntunin ng wika o balarilang kayarian na alam ng taong nagsasalita ng wikang Filipino. Ito ang kakayahang umunawa at makabuo ng mga estruktura sa wika na sang-ayon sa tuntunin ng gramatika. Ipinaliwanag ni Chomsky ang pagkakaiba ng kakayahang (competence) at pagganap (performance) na nangangahulugan ang kakayahan ay nauukol sa kaalaman sa wika ng isang tao, samantalang ang pagganap ay kakayahang gamitin ang wika sa angkop na sitwasyon.

**Mga Kaugnay na Pag-aaral.** Sa pag-aaral na isinagawa nina Autman, Kelly, Gaytan at Hunter (2016) *na pinamagatang, "Measuring High School Students' Communication Readiness: Does communication apprehension, writing Ability, and Speaking ability correlate with students' perceptions of professional appearance"* natuklasan sa nasabing pag-aaral na sinusukat ng mga guro ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pakikipagkomunikasyon sa kakayahang gramatika at persepsiyon upang malaman ang kahinaan at kakulangan na dapat linangin at sanayin sa loob ng klase. Batay sa naging resulta ito ay higit na makatutulong sa mga mag-aaral upang maging handa sa hamong kanilang haharapin. Sa pag-aaral na isinagawa nina Dolotallas at Nagtalon (2015) na pinamagatang "*The Effect of Experiential Learning Approach on the Students' Performance in Filipino*", natuklasan sa nasabing pag-aaral na malinaw na inilalahad na mayroong apat na yugto ang pagkatuto ng isang mag-aaral kung saan kongkretong karanasan ang nagbibigay batayan para sa mga obserbasyon at pagmuni-muni. Ang naging karanasan sa kanilang buhay ay ang magiging pundasyon sa pagkatuto. Sa pag-aaral na isinagawa nina Domahs, Truckenbrodt at Wiese (2015) na pinamagatang "*Phonological and Phonetic Competence: Between Grammar, Signal Processing, and Neutral Activity*", natuklasan sa nasabing pag-aaral na mapatutunayan na nagbibigay ng manipestasyon sa kaanyuan ng wika sa pamamagitan ng sistema ng palatunogan, talasalitaan, pamantayan sa pagbuo ng salita at mga pangungusap para magamit sa pangkalahatang pag-unawa. Sa pag-aaral na isinagawa nina Dunn, Beaudry at Klavas (2002) na pinamagatang "*Survey of Research on Learning Styles*" ay ipinakita ang mga estilo ng mga mag-aaral at guro na kung saan ang paraan ng pag-aaral at pagtuturo ay magkatulad. Nangangahulugan lamang na mas mataas ang posibilidad na magkaroon ng mataas na marka ang mga mag-aaral. Idinagdag nila sa kanilang pag-aaral na upangmas mataas ang marka ng mga mag-aaral sa mga pasulit at pagsasanay ay kinakailangan na gamitin ng mga mag-aaral ang

nais nilang paraan upang mas madaling matuto. Sa pag-aaral nina Matirosyan, Hwang at Wanjohi (2015) na pinamagatang *"Impact of English Proficiency on Academic Performance of International Students"* natuklasan sa nasabing pag-aaral na mayroong makabuluhang pagkakaiba ang akademik perpormans ng mga mag-aaral at ang antas ng kakayahan sa paggamit ng wikang Ingles at may pagkakaiba rin ang akademik perpormans ng mga mag-aaral na marunong gumamit ng iba't ibang wika na maaaring magamit sa kanilang pakikipagkomunikasyon. Nangangahulugan lamang na dapat pang malinang ang kanilang wikang ginamit sa pakikipagkomunikasyon. Sa pag-aaral na isinagawa nina Wurdinger at Allison (2017), na pinamagatang, "*Faculty Perceptions and use of Experiential Learning in Higher Education*" natuklasan sa nasabing pag-aaral na malinaw na nakasaad na bago maimbento ang mga aklat at pagkakaroon ng pormal na edukasyon sa paaralan ay nagkakaroon na nang dating kaalaman ang mga tao batay sa kanilang karanasan. Maraming pagsubok ang dinaanan para makamit ang pagkatuto, kabilang na rito ang pag-iisip, pagpaplano, pagsusuri at pagmuni-muni ay isa lamang sa mga prosesong dapat taglayin ng isang mag-aaral. Isa sa mga kasanayan ng Dulog Eksperyensyal ay ang *Cross-Age Peer Tutoring* na isang kasanayan na maaaring malinang ngmga mag-aaral ang kanilang pagkatuto sa pamamagitan ng *peer learning* na kung saan magkakarooon ang bawat isa ng kapareha at malalimang pagbabahagi ng sariling ideya o opinyon hinggil sa paksang naibigay ng guro. Natuklasan sa nasabing pag-aaral na makikitang pinagkukumpara ang akademik perpormans ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahang panggramatika. Batay sa resulta makikita na mataas ang akademik perpormans ng mga mag-aaral kung mataas ang kanilang antas sa kakayahang panggramatika.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay upang masukat ang kabisaan ng Dulog Eksperyensyal sa pagtuturo ng Gramatika ng mga mag-aaral sa Filipino ng Senior High School ng Pamantasan ng Bohol, Tagbilaran City, Bohol, Unang Semestre, Taong Panuruan 2019-2020.

1. Ano ang propayl ng mga mag-aaral sa Filipino ng Senior High School batay sa:

   1.1 Kasarian; at
   1.2 Akademik Perpormans?

2. Ano ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa Filipino ng Senior High School sa Gramatikang Filipino sa Pre-Test at Post-Test ng pangkat Tradisyunal at ng pangkat Eksperimental batay sa:

   2.1 Ponolohiya;
   2.2 Morpolohiya;
   2.3 Sintaksis; at
   2.4 Semantika?
3. Mayroon bang makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagitan ng Pre-Test at Post-Test ng pangkat Tradisyunal at ng pangkatEksperimental?

4. Mayroon bang makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagitan ng resulta ng pangkat Tradisyunal at ng pangkat Eksperimental sa:

   4.1 Pre-Test; at
   4.2 Post-Test?

5. Mayroon bang makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagitan ng *mean gain* ng pangkat Tradisyunal at ng pangkat Eksperimental?

6. Mayroon bang makabuluhang antas ng kaugnayan sa pagitan ng propayl ng mga mag-aaral sa Post-Test:

   6.1 Pangkat Tradisyunal; at
   6.2 Pangkat Eksperimental?

7. Mayroon bang makabuluhang antas ng baryans sa resulta ng Post-Test ng mga mag-aaral sa apat na komponent ng Gramatika sa dalawang pangkat?

8. Anong kaparaanang pampagpabuti ang maimumungkahi batay sa kinalabasan ng pag-aaral?

**Null Hipotesis.** Batay sa nakalahad na mga tiyak na suliranin ng pag-aaral na ito, tiniyak sa pananaliksik na ito ang hipotesis na siyang sinuripara sa pagwawalang bisa:**HO1:** Walang makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagitan ng Pre-Test at Post-Test ng pangkat Tradisyunal at ng pangkat Eksperimental. **HO2:** Walang makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagitan ng resulta ng pangkat Tradisyunal at ng pangkat Eksperimentalsa Pre-Test at Post-Test? **HO3:** Walang makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagitan ng *mean gain* ng pangkat Tradisyunal at ng pangkatEksperimental? **HO4:** Walang makabuluhang antas ng kaugnayan sa pagitan ng propayl ng mga mag-aaral sa Post-Test, Pangkat Tradisyunalat Pangkat Eksperimental? **HO5:** Walang makabuluhang antas ng baryans sa resulta ng Post-Test ng mga mag-aaral sa apat na komponent ng Gramatikasa dalawang pangkat?

**Disenyo ng Pananaliksik.** Ang pag-aaral na ito ay isang eksperimental na pananaliksik. Ito ay gumagamit ng dalawang pamamaraan sa pagtuturo na kung saan binubuo ng dalawang seksiyon na may dalawang pangkat na nakabatay sa kanilang akademik perpormans sa asignaturang Filipino upang masukat ang kabisaan ng dulog eksperyensyal sa pagtuturo ng Gramatika ng mga mag-aaral sa Senior High School. Ito ay isanghambingang pag-aaral sa pagitan ng Tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo (Control na pangkat) at *Cross-Age Peer Tutoring* (Eksperimental na pangkat) batay sa Pre-Test-Pre-Test; Post-Test–Post-Test; at Pre-Test-Post-Test sa dalawa. Ginamit sa pag-aaral na ito ang isa sa mga uri ng pagsusulit ang pagpipilian na kung saan binubuo sa apat na komponent. Ang unang komponent na ginamitay ang Ponolohiya at Morpolohiya na inakda sa YELC UPCAT Review sa *website* na *yeinstein.com* na kung saan sinukat ang kakayahanng mga mag-aaral sa pagbuo ng mga salita at pagtukoy sa tamang tunog ng salita sa pangungusap upang makabuo ng maayos na usapan at matukoy ang kabuluhan sa paggamit ng wikang Filipino.

Ang pangalawang komponent na ginamit ay ang Sintaksis na mula sa inakda ni Arnilla (2013) sa aklat na Komunikasyon sa Akademikong Filipino na kung saan binigyan ang mga mag-aaral ng isang pasulit ng kanilang guro at sinukat nito gamit ang kanilang dating kaalaman sa pagbuo ng tamang estruktura ng pangungusap. Ang panghuling ginamit na pamamaraan ay Semantika na mula nina Cantillo, Gime at Gonzales (2016) sa aklat na Sikhay: Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino para sa Ika-11 na Baitang upang masukat ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral hinggil sa pagbuo ng tamang pangungusap. Ang nasabing disenyo ay angkop lamang para sa pananaliksik na ito. Ang mga kinalabasan ng pag-aaral na ito ay magiging batayan sa pagmumungkahi ng mga kaparaanan sa pagpapabuti.

**Respondente.** Ang respondente sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral ng mananaliksik sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino ng Senior High School sa Pamantasan ng Bohol Taong Panuruan 2019-2020 na binubuo ng walumpu't dalawang (82) mag-aaral sa STRAND na STEM 2 at 3 ng Grade 11 Senior High School. Ang una ay Tradisyunal na pangkat na may kabuuang apatnapu't dalawang (42) mag-aaral na binubuo ng dalawampu't apat (24) na lalaki at labingwalong (18) babae samantalangang pangalawang pangkat ay Eksperimental na pangkat na may kabuuang apatnapung (40) mag-aaral na binubuo ng labing-apat (14) na lalaki at dalawampu't anim (26) na babae.

**Instrumento.** Ang instrumentong gagamitin upang masukat ang kabisaan ng dulog eksperyensyal sa pagtuturo ng Gramatika ng mga mag- aaral sa Senior High School ay sa pamamagitan ng Tradisyunal at Eksperimental na pamamaraan sa pagtuturo batay sa Pre-Test-Pre- Test; Post-Test-Post-Test; at Pre-Test -Post-Test sa dalawa. Gagamitin sa pag-aaral na ito ang isa sa mga uri ng pagsusulit ang pagpipilian na kung saan binubuo sa apat na komponent. Ang unang komponent na ginamit ay ang Ponolohiya at Morpolohiya na inakda sa YELC UPCAT Review sa *website* na *yeinstein.com*, ang pangalawang komponent ginamit ay ang Sintaksis na mula sa inakda ni Arnilla (2013) sa aklat na Komunikasyon sa Akademikong Filipino, at ang panghuling ginamit na komponent ay Semantika na mula kina Cantillo, Gime at Gonzales (2016) sa aklat na Sikhay: Aklat sa Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino.

## PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS

### Propayl ng mga Mag-aaral sa Filipino 11 batay sa Kasarian

Ang paglalahad ng pagbabahagdan sa propayl ng mga mag-aaral batay sa Kasarian at Akademik Perpormans ng mga mag-aaral ng dalawang pangkat: pangkat Tradisyunal at ng pangkat Eksperimental. Inilalahad ang propayl ng mga mag-aaral batay sa kasarian sa pangkat Tradisyunal na may kabuuang dami na apatnapu't dalawang (42) mag-aaral na binubuo ng dalawampu't apat (24)

o pitumpu't pito punto labin-apat na bahagdang (57.14%) mga mag-aaral na lalaki at labingwalo (18) o apatnapu't dalawa punto walumpu't anim (42.86%) na mga mag-aaral na babae samantalang ang pangkat ay Eksperimental na may kabuuang dami na apatnapung (40) mag-aaral na binubuo ng labing-apat (14) o tatlumpu't limang bahagdang (35%) mga mag-aaral na lalaki at dalawampu't anim (26) o animnapu't limang bahagdang (65%) mga mag-aaral na babae.

**Propayl ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino 11 batay sa Akademik Perpormans**

Ang paglalahad ng datos sa ginawang pagsusuri hinggil sa akademik perpormans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 11 sa unang markahan hanggang ikalawang markahan. Ang mga mag-aaral sa pangkat **Tradisyunal** ay lahat nakakuha ng markang nasa 90-100 na may katumbas na deskripsyong **Pinakamataas** Samantala ang pangkat **Eksperimental**, makikitang nangunguna ang tatlumpu't anim (36) o siyamnapung bahagdan (90%) ng mga mag-aaral ang nakakuha ng markang 90-100 na may katumbas na deskripsyong **Pinakamataas**, at pumapangalawa ang apat (4) o sampung bahagdan (10%) ng mga mag-aaral angnakakuha ng markang 85-89 na may katumbas na deskripsiyong **Mataas**. Makikita din sa nasabing talahanayan na ang mga mag-aaralsa pangkat **Tradisyunal** ay may *mean* na siyamnapu't apat punto pitumpu't siyam (94.79) na may katumbas na deskripsyong **Pinakamahusay**, samantalang ang mga mag-aaral sa pangkat **Eksperimental** ay may *mean* na siyamnapu't tatlo punto pitumpu (93.70) na may katumbas na deskripsyon na **Pinakamahusay**.

**Antas ng Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Gramatikang Filipino sa Pre-Test at Post-Test ng Pangkat Tradisyunal**

Ang paglalahad ng resulta sa ginawang masusing pagsusuri sa mga datos hinggil sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 11 sa Gramatikang Filipino sa Pre-Test at Post-Test. Ang mga mag-aaral sa pangkat Tradisyunal nagpapakita ng antas ng kakayahan sa Gramatikang Filipino sa Pre-Test sa **Ponolohiya** na kung saan walang (0) mag- aaral ang nakakuhang antas na kakayahang **highly competent**, dalawampu't dalawang (22) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na **competent**, dalawampung (20) mag-aaral ang nakakuha ng kakayahan na **slightly competent**, at wala (0) ng mag-aaralang nakakuha ng kakayahan na **not competent**. Makikita dito na ang *mean* na nakuha ng mga mag-aaral sa Ponolohiya ay labinsiyam punto walumpu't isa (19.81) na may katumbas na deskripsyong **slightly competent**. Ang mga mag-aaral sa pangkat Tradisyunal nagpapakita ng antas ng kakayahan sa Gramatikang Filipino sa Pre-Test sa **Morpolohiya** na kung saan isang (1) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahang **highly competent**, tatlumpu't apat (34) na mgamag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na **competent**, anim (6) na mga mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na **slightly competent**, at isang (1) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na **not competent**. Makikita dito na ang *mean* na nakuha

ng mga mag-aaral sa Morpolohiya ay dalawampu't tatlo punto pitumpu't anim (23.76) na may katumbas na deskripsyong **competent**. Ang mga mag-aaral sa pangkat Tradisyunal nagpapakita ng antas ng kakayahan sa Gramatikang Filipino sa Pre-Test sa **Sintaksis** na kung saan siyam (9) na mga mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahang **highly competent**, tatlumpu't dalawang (32) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na **competent**, isang (1) mag-aaral ang nakakuha ng kakayahan na **slightly competent**, at isang (1) mag-aaral ang nakakuha antas ng kakayahan na **not competent**. Makikita dito na ang *mean* na nakuha ng mga mag-aaral sa Sintaksis ay dalawampu't anim punto dalawa (26.02) na may katumbas na deskripsyong **competent**. Ang mga mag-aaral sa pangkat Tradisyunal nagpapakita ng antas ng kakayahan sa Gramatikang Filipino sa Pre-Test sa **Semantika** na kung saan sampung (10) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahang **highly competent**, dalawampu't walong (28) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na **competent**, apat (4) na mga mag-aaral ang nakakuha ng kakayahan na **slightly competent**, at walang (0) mag-aaral ang nakakuha ng kakayahan na **not competent**. Makikita dito na ang *mean* na nakuha ng mga mag-aaral sa Semantika ay dalawampu't lima punto walumpu't anim (25.86) na may katumbas na deskripsyong **competent**. Sa kabuuan ng pagsusuri sa resulta ng pasulit sa Pre-Test ng Gramatika sa Filipino, nangunguna sa dami ng mga mag-aaral ang tatlumpu't pito (37) na nakakuha ng antas ng kakayahan na may katumbas na deskripsyon na **competent**, pumapangalawa ang limang (5) mga mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na may katumbas na deskripsyon na **slightly competent**. Matutunghayan din sa talahanayang ito ang resulta ng Post-Test sa antas ng kakayahan sa Gramatika sa Filipino na kung saan sa **Ponolohiya**, pitong (7) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahang **highly competent**, tatlumpu't tatlong (33) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahang **competent**, dalawang (2) mag-aaral ang nakakuha ng kakayahan na **slightly competent**, at walang (0) mag-aaral ang nakakuha ng kakayahan na **not competent**. Makikita dito na ang *mean* na nakuha ng mga mag-aaral sa Ponolohiya ay dalawampu't lima punto walumpu't tatlo (25.83) na may katumbas na deskripsyong **competent**. Ang mga mag-aaral sa pangkat Tradisyunal nagpapakita ng antas ng kakayahan sa Gramatikang Filipino sa Post-Test sa **Morpolohiya** na kung saan dalawampu't isang (21) mag-aaral na nakakuha ng antas na kakayahang **highly competent**, labinsiyam (19) na mga mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na **competent**, dalawang (2) mag-aaral ang nakakuha ng kakayahan na **slightly competent**, at walang (0) mag-aaral ang nakakuha ng kakayahan na **not competent**. Makikita dito na ang *mean* na nakuha ngmga mag-aaral sa Morpolohiya ay dalawampu't walo punto limampu't dalawa (28.52) na may katumbas na deskripsyong **competent**. Ang mga mag-aaral sa pangkat Tradisyunal nagpapakita ng antas ng kakayahan sa Gramatikang Filipino sa Post-Test sa **Sintaksis** na kung saan labing walong (18) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahang **highly competent**, dalawampu't dalawang (22) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan

na **competent**, dalawang (2) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na **slightly competent**, at walang (0) mag-aaral ang nakakuha ng kakayahan na **not competent**. Makikita dito na ang *mean* na nakuha ng mga mag-aaral sa Sintaksis ay dalawampu't pito punto limampu (27.50) na may katumbas na deskripsyong **competent**. Ang mga mag-aaral sa pangkat Tradisyunal nagpapakita ng antas ng kakayahan sa Gramatikang Filipino sa Post-Test sa **Semantika** na kung saan dalawampu't anim (26) na mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahang **highly competent**, labing-anim (16) na mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na **competent**, walang (0) mag-aaral ang nakakuha ng kakayahan na **slightlycompetent**, at walang (0) mag-aaral ang nakakuha ng kakayahan na **not competent**. Makikita dito na ang *mean* na nakuha ng mga mag-aaral sa Semantika ay tatlumpu punto animnapu't pito (30.67) na may katumbas na deskripsyong **highly competent**.

**Antas ng Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Gramatikang Filipino sa Pre-Test at Post-Test ng Pangkat Eksperimental**

Ang paglalahad ng resulta sa ginawang masusing pagsusuri sa mga datos hinggil sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 11 sa Gramatikang Filipino sa Pre-Test at Post-Test. Ang mga mag-aaral sa pangkat Eksperimental ay nagpapakita ng antas ng kakayahan sa Gramatikang Filipino sa Pre-Test sa **Ponolohiya** na kung saan walang (0) mag-aaral ng kakayahang **highly competent**, labinsiyam (19) na mga mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahang **competent**, labinsiyam (19) na mga mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na **slightly competent**, at dalawang (2) mag-aaral ang nakakuha antas ng kakayahang **not competent**. Makikita dito na ang *mean* na nakuha ng mga mag-aaral sa **Ponolohiya** ay labing walo punto apatnapu't tatlo (18.43) na may katumbas na deskripsyong **slightly competent**. Ang mga mag-aaral sa pangkat Eksperimental ay nagpapakita ng antas ng kakayahan sa Gramatikang Filipino sa Pre-Test sa **Morpolohiya** na kung saan anim (6) na mga mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahang **highly competent**, dalawampu't apat (24) na mga mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na **competent**, siyam (9) na mga mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na **slightly competent**, at isang (1) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na **not competent**. Makikita dito na ang *mean* na nakuha ng mga mag-aaral sa Morpolohiya ay dalawampu't dalawa punto walumpu't tatlo (22.83) na may katumbas na deskripsyong **competent**. Ang mga mag-aaral sa pangkat Eksperimental ay nagpapakita ng antas ng kakayahan sa Gramatikang Filipino sa Pre-Test sa **Sintaksis** na kung saan walong (8) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahang **highly competent**, dalawampu't anim (26) na mga mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahang **competent**, limang (5) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahang **slightlycompetent**, at isang (1) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na **not competent**. Makikita dito na ang *mean* na nakuha ng mga mag-aaral sa Sintaksis ay dalawampu't apat punto siyamnapu't lima (24.95) na

may katumbas na deskripsyong **competent**. Ang mga mag-aaral sa pangkat Eksperimental ay nagpapakita ng antas ng kakayahan sa Gramatikang Filipino sa Pre-Test sa **Semantika** na kung saan walong (8) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahang **highly competent**, dalawampung (20) mag- aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahang **competent**, sampung (10) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahang **slightlycompetent**, at dalawang (2) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na **not competent**. Makikita dito na ang *mean* na nakuha ng mga mag-aaral sa Semantika ay dalawampu't dalawa punto apatnapu't walo (22.48) na may katumbas na deskripsyong **competent**. Sa kabuuan ng pagsusuri sa resulta ng pasulit sa Pre-Test ng Gramatikang Filipino, nangunguna sa dami ng mga mag-aaral ang dalawampu't walo (28) na nakakuha ng antas ng kakayahan na may katumbas na deskripsyong **competent**, pumapangalawa ang labing-isang (11) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na may katumbas na deskripsyon na **slightly competent**, pumapangatlo ang isang (1) mag-aaral ang nakakuha ng kakayahan na may katumbas na deskripsyong **not competent**. Matutunghayan din sa talahanayang ito ang resulta ng Post-Test sa antas ng kakayahan sa Gramatikang Filipino na kung saansa **Ponolohiya**, walang (0) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahang **highly competent**, labimpitong (17) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahang **competent**, labinsiyam (19) na mga mag-aaral ang nakakuha ng kakayahan na **slightly competent**,at apat (4) na mga mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na **not competent**. Makikita dito na ang *mean* na nakuha ng mga mag-aaral sa **Ponolohiya** ay labimpito punto siyamnapu't walo (17.98) na may katumbas na deskripsyong **slightly competent**. Ang mga mag-aaral sa pangkat Eksperimental ay nagpapakita ng antas ng kakayahan sa Gramatikang Filipino sa Post-Test sa **Morpolohiya** na kung saan walong (8) mag-aaral nakakuha ng antas ng kakayahang **highly competent**, dalawampu't apat (24) na mga mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahang **competent**, pitong (7) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahang **slightly competent**, at isang (1) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na **not competent**. Makikita dito na ang *mean* na nakuha ng mga mag-aaral sa **Morpolohiya** ay dalawampu't apat punto tatlumpu't tatlo (24.33) na may katumbas na deskripsyong **competent**. Ang mga mag-aaral sa pangkat Eksperimental nagpapakita ng antas ng kakayahan sa Gramatikang Filipino sa Post-Test sa **Sintaksis** na kung saan sampung (10) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahang **highly competent**, dalawampu't isang (21) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na **competent**, siyam (9) na mga mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na **slightly competent**, at walang (0) mag-aaral ang nakakuha ng kakayahan na **not competent**. Makikita dito na ang *mean* na nakuha ngmga mag-aaral sa Sintaksis ay dalawampu't lima punto labinlima (25.15) na may katumbas na deskripsyong **competent**. Ang mga mag-aaral sa pangkat Eksperimental ay nagpapakita ng antas ng kakayahan sa Gramatikang Filipino sa Post-Test sa **Semantika** na kung saan labing-apat (14) na mga mag-aaral ang nakakuha

ng antas ng kakayahang **highly competent**, labinsiyam (19)na mga mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahang **competent**, anim (6) na mga mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahang **slightly competent**, at isang (1) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na **not competent**. Makikita dito na ang *mean* na nakuha ng mga mag-aaral sa **Semantika** ay dalawampu't lima punto tatlumpu't tatlo (25.33) na may katumbas na deskripsyong **competent**. Sa kabuuan ng pagsusuri sa resulta ng pasulit sa Post-Test ng Gramatikang Filipino sa pangkat Eksperimental, nangunguna sa dami ng mga mag-aaral ang tatlumpu (30) na nakakuha ng antas ng kakayahan na may katumbas na deskripsyon na **competent**, pumapangalawa ang walong (8) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na may katumbas na deskripsyong **slightly competent**, at pangatlo ang isang (1) mag-aaral na nakakuha ng antas ng kakayahan na may katumbas na deskripsyong **highly competent** at isa (1) ring mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahang **not competent**.

**Makabuluhang Antas ng Pagkakaiba sa Pagitan ng Pre-Test at Post-Test ng Pangkat Tradisyunal**

Ang paglalahad na ginawang pagtutuos gamit ang t-test upang malaman kung may makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagitan ng Pre-Test at Post-Test sa pangkat Tradisyunal. Ang resulta ng t-value ay (-)7.2076 kung saan mas mataas kaysa critical value na 1.6829 sa 41 df na nagpapahiwatig na ang Pre-Test at Post-Test ng pangkat Tradisyunal ay may makabuluhang antas ng pagkakaiba kaya ang null hipotesis ay tinanggihan o hindi pinaniwalaan. Malinaw na inilahad sa talahanayan ang *mean score* na 111.95 ng Post-Test ay mas mataas sa Pre-Test na 95.45 sa pangkat Tradisyunal.

**Makabuluhang Antas ng Pagkakaiba sa Pagitan ng Pre-Test at Post-Test ng Pangkat Eksperimental**

Ang paglalahad ng makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagitan ng Pre-Test at Post-Test sa pangkat Eksperimental gamit ang t-test. Ang resulta ng t-value ay (-)2.6708 na kung saan mas mataas kaysa critical value na 1.6849 sa 39 df aynagpapahiwatig na may makabuluhang antas ng pagkakaiba ang Pre-Test at Post-Test ng pangkat Eksperimental kaya ang null hipotesis ay hindi tinanggap o hindi pinaniwalaan

**Makabuluhang Antas ng Pagkakaiba sa Pagitan ng Resulta ng Pangkat Tradisyunal at ng Pangkat Eksperimental sa Pre-Test**

Ang paglalahad na ginawang pagtutuos gamit ang t-test upang malaman kung may makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagitan ng Pre-Test ng pangkat Tradisyunal at pangkat Eksperimental. Ang nakuha na t-value ay 1.7638 kung saan mas mababa kaysa critical value na 1.9901 sa 80 df na nagpapahiwatig na ang Pre-Test ng pangkat Tradisyunal at ng pangkat Eksperimental ay walang makabuluhang antas ng pagkakaiba kaya ang null hipotesis ay tinanggap o pinaniwalaan

**Makabuluhang Antas ng Pagkakaiba sa Pagitan ng Resulta ng Pangkat Tradisyunal at Pangkat Eksperimental sa Post-Test**

Ang paglalahad na ginawang pagtutuos gamit ang t-test upang malaman kung may makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagitan ng Post-Test ng pangkat Tradisyunal at ng pangkat Eksperimental. Ang nakuha na t-value ay 3.8704 na kung saan mas mataas kaysa critical value na 1.9901 sa 80 df. Nangangahulugan na ang Post-Test sa pangkat Tradisyunal ay may makabuluhang pagkakaiba sa pangkat Eksperimental kaya ang null hipotesis ay tinanggihan at hindi pinaniwalaan.

**Makabuluhang Antas ng Pagkakaiba sa Pagitan ng *Mean Gain* ng Pangkat Tradisyunal at ng Pangkat Eksperimental**

Ang nakuha na *mean gain* ng pangkat Tradisyunal ay 16.5 kung saan mas mataas kaysa *mean gain* ng pangkat Eksperimental na 7.03. Ito ay nagpapahiwatig na ang pangkat Tradisyunal ay may makabuluhang pagkakaiba sa pangkat Eksperimental kaya ang null hipotesis ay tinanggihan at hindi pinaniwalaan.

**Makabuluhang Antas ng Kaugnayan sa Pagitan ng Akademik Perpormans at Post-Test ng mga Mag-aaral sa Pangkat Tradisyunal**

Ang paglalahad ng makabuluhang antas ng pagkaka-uugnay sa pagitan ng akademik perpormans at Post-Test ng mga mag-aaral ng pangkat Tradisyunal. Pinalawak pa ang pagsusuring ito gamit ang Pearson Product Moment Coefficient of Correlation. Ang nakuhang correlation coefficient ay 0.4144 na kung saan mas mataas sa critical value na 0.3044 sa 40 df at 0.05 antasng kabuluhan na nangangahulugan na may makabuluhang antas ng kaugnayan sa pagitan ng akademik perpormans at Post-Test ng mga mag-aaral sa pangkat Tradisyunal kaya ang null hipotesis ay tinanggihan at hindi pinaniwalaan.

**Makabuluhang Antas ng Kaugnayan sa Pagitan ng Akademik Perpormans at Post-Test ng mga Mag-aaral sa Pangkat Eksperimental**

Ang paglalahad ng makabuluhang antas ng pagkaka-uugnay sa pagitan ng akademik perpormans at Post-Test ng mga mag-aaral ng pangkat Eksperimental gamit ang Pearson Product Moment Coefficient of Correlation. Ang nakuhang correlation coefficient ay 0.7182 na kung saan mas mataas sa critical value na 0.3125 sa 38 df at 0.05 antas ng kabuluhan na nangangahulugan na may makabuluhang antas ng kaugnayan sa pagitan ng akademik perpormans at Post-Test ng mga mag-aaral sa pangkat Eksperimental kaya ang null hipotesis ay tinanggihan at hindi pinaniwalaan.

**Makabuluhang Antas ng Pagkakaiba sa Pagitan ng Akademik Perpormans ng mga Mag-aaral sa Pangkat Tradisyunal at ngPangkat Eksperimental**

Ang paglalahad ng makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagitan ng akademik perpormans ng mga mag-aaral ng pangkat Tradisyunal at pangkat Eksperimental. Ang nakuha na t-value ay 1.7142 na kung saan mas mababa

kaysa sa critical value na 1.9901 sa 80 df. Ito ay nagpapahiwatig na walang makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagitan ng akademik perpormans ng mga mag-aaral sa dalawang pangkat kaya ang null hipotesis ay tinanggap at pinaniwalaan.

**Pagsusuri ng Baryans sa Kakayahang Gramatika sa Pre-Test ng Pangkat Tradisyunal**

Ang paglalahad sa ginawang pagsusuri sa mga datos ayon sa baryans sa kakayahang Gramatika sa Pre-Test ng pangkat Tradisyunal. Gamit ang One-way ANOVA upang makuha ang baryans sa kakayahang gramatika at pinalawak pa ang pagsusuring ito gamit ang Scheffe's Test. Ang computed F ratio ay 18.6754 ay mas mataas sa critical value na 2.6597 sa 3 by 164 df sa 0.05 antas ng kabuluhan, kaya ang null hipotesis ay tinanggihan at hindi pinaniwalaan. Malinaw na inilahad sa talalahanayan ang sumusunod na paresna nagtataglay ng resultang makabuluhang pagkakaiba sa baryans ay **Ponolohiya at Morpolohiya**, **Ponolohiya at Sintaksis,** at **Ponolohiya at Semantika**.

**Pagsusuri ng Baryans sa Kakayahang Gramatika sa Pre-Test Pangkat Eksperimental**

Ang paglalahad sa ginawang pagsusuri ayon sa baryans sa kakayahang Gramatika sa Pre-Test ng pangkat Eksperimental gamit ang One-way ANOVA upang makuha ang baryans sa kakayahang gramatika at pinalawak pa ang pagsusuring ito gamit ang Scheffe's Test. Ang computed F ratio ay 7.942671 ay mas mataas sa critical value na 2.662569 sa 3 by 156 df sa 0.05 antas ng kabuluhan, kaya ang null hipotesis ay tinanggihan at hindi pinaniwalaan. Ang sumusunod na pares na nagtataglay na resultang makabuluhang pagkakaiba sa baryans ay **Ponolohiya at Morpolohiya**, **Ponolohiya at Sintaksis**, at **Ponolohiya at Semantika**.

**Pagsusuri ng Baryans sa Kakayahang Gramatika sa Post-Test ng Pangkat Tradisyunal**

Ang paglalahad sa ginawang pagsusuri ayon sa baryans sa kakayahang Gramatika sa Post-Test ng pangkat Tradisyunal. Gamit ang One-way ANOVA upang makuha ang baryans sa kakayahang gramatika at pinalawak pa ang pagsusuring ito gamit ang Scheffe's Test. Ang computed F ratio ay 8.5565 na mas mataas sa critical value na 2.6597 sa 167 df sa 0.05 antas ng kabuluhan, kaya ang null hipotesis ay tinanggihan at hindi pinaniwalaan. Ang sumusunod na pares na nagtataglay na resultang makabuluhang pagkakaiba sa baryans ay **Ponolohiya at Semantika** at **Sintaksis at Semantika.**

**Pagsusuri ng Baryans sa Kakayahang Gramatika sa Post-Test Pangkat Eksperimental**

Ang paglalahad sa ginawang pagsusuri ayon sa baryans sa kakayahang Gramatika sa Post-Test ng pangkat Eksperimental. Gamit ang One-way

ANOVA upang makuha ang baryans sa kakayahang gramatika at pinalawak pa ang pagsusuring ito gamit ang Scheffe's Test. Ang computed F ratio ay 13.5940 na mas mataas sa critical value na 2.6626 sa 3 by 156 df sa 0.05 antas ng kabuluhan, kaya ang null hipotesis ay tinanggihan at hindi pinaniwalaan. Ang pares na nagtataglay na resultang makabuluhang pagkakaiba sa baryans ay ang sumusunod: **Ponolohiya at Morpolohiya, Ponolohiya at Sintaksis,** at **Ponolohiya at Semantika**.

## MGA NATUKLASAN, NG KLUSYON AT REKOMENDASYON

### Propayl ng mga Mag-aaral sa Filipino 11 batay sa Kasarian

Natuklasan sa ginawang masusing pagsusuri sa mga datos hinggil sa propayl ng mga mag-aaral batay sa kasarian sa dalawangpangkat ay sa pangkat Tradisyunal ay may kabuuang dami na apatnapu't dalawang (42) mag-aaral na kung saan mas marami ang kalalakihan sa dami na 24 (57.14%) kaysa sa kababaihan na may dami lamang na 18 (42.86%) samantalang sa pangkat Eksperimental naman ay may kabuuang dami na apatnapung (40) mag-aaral na kung saan mas marami ang kababaihan sa dami na 26 (65%) kaysasa kalalakihan na may dami lamang na 14 (35%).

### Propayl ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino 11 batay sa Akademik Perpormans

Batay sa ginawang istadistika na pagsusuri sa akademik perpormans ng mga mag-aaral, natuklasan na lahat ng mga mag-aaralang nakakuha ng marka na (90-100) na may katumbas na deskripsyong **Pinakamataas** ng pangkat Tradisyunal. Nagpapatunay ito na matagumpay na nakuha ng mag-aaral ang paksang tinalakay ng guro sa bawat aralin. Samantalang, tatlumpu't anim (36) naman na mag-aaral ang nakakuha ng marka (90-100) na may katumbas na deskripsyong **Pinakamataas,** at pumapangalawa ang apat (4) na mag-aaral ang nakakuha ng marka na (85-89) na may katumbas na deskripsyong **Mataas** ng pangkat Eksperimental. Nangangahulugan lamang ito na walang mag-aaral sa antas na akademik perpormans na napapabilang sa deskripsyong **Katamtaman**, **Mababa** at **Pinakamababa** na antas. Ang nagging resulta ay maaaring maiangkla sa pag-aaral na isinagawa nina Dunn, Beaudry, at Klavas (2002) na pinamagatang *Survey of Research on Learning Styles* na kung saan ipinakita ang mga estilo ng mga mag-aaral at guro sa pagkatuto at pagtuturo. Nangangahulugan lamang na mas mataas ang posibilidad na magkaroon ng mataas na marka ang mga mag-aaral. Idinagdag nila sa kanilang pag-aaral na upang mas mataas ang marka ng mga mag-aaral sa mga pasulit at pagsasanay ay kinakailangan na gamitin ng mga mag-aaral ang nais nilang paraan upang mas madaling matuto.

### Antas ng Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Gramatikang Filipino sa Pre-Test at Post-Test ng Pangkat Tradisyunal

Lumabas sa kinalabasan ng pasulit sa Pre-Test ng Gramatika sa Filipino

sa pangkat Tradisyunal ay nangunguna ang mga mag-aaral sa komponent na gramatikang Filipino na **Sintaksis** na may *mean* na nakuha na dalawampu't anim punto dalawa (26.02) na may katumbas na deskripsyong **competent**, sumunod ang komponent na **Semantika** na may *mean* na nakuha na dalawampu't lima punto walumpu't anim (25.86) na may katumbas na deskripsyong **competent** at sinundan ng komponent na **Morpolohiya** na may *mean* na nakuha na dalawampu't tatlo punto pitumpu't anim (23.76) na may katumbas na deskripsyong **competent** at ang panghuli ay ang komponent na **Ponolohiya** na ang *mean* na nakuha ng mga mag-aaral ay labinsiyam punto walumpu't isa (19.81) na may katumbas na deskripsyong **slightly competent**. Sa kabuuan ng pagsusuri sa resulta ng pasulit sa Pre-Test ng Gramatika sa Filipino, nangunguna sa dami ng mga mag-aaral ang tatlumpu't pito (37) na nakakuha ng antas ng kakayahan na may katumbas na deskripsyon na **competent**, pumapangalawa ang limang (5) mga mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na may katumbas na deskripsyon na **slightly competent**. Natuklasan sa pag-aaral na ito ang kinalabasan ng Post-Test sa antas ng kakayahan sa Gramatika sa Filipino sa pangkat Tradisyunal na kung saan nangunguna ang komponent na **Semantika** na may *mean* na nakuha na tatlumpu punto animnapu't pito (30.67) na may katumbas na deskripsyong **highly competent**, sumunod ang komponent na **Morpolohiya** na may *mean* na nakuha na dalawampu't walo punto limampu't dalawa (28.52) na may katumbas na deskripsyong **competent** at sinundan ng komponent na **Sintaksis** na may *mean* na nakuha na dalawampu't pito punto limampu (27.50) na may katumbas na deskripsyong **competent** at ang panghuli ay ang komponent na **Ponolohiya** na ang *mean* na nakuha ng mga mag-aaral ay dalawampu't lima punto walumpu't tatlo (25.83) na may katumbas na deskripsyong **competent**. Sa kabuuan ng pagsusuri sa resulta ng pasulit sa Post-Test ng Gramatika sa Filipino ng pangkat Tradisyunal ay nangunguna sa dami ng mga mag-aaral ang dalawampu't lima (25) na nakakuha ng antas ng kakayahan na may katumbas na deskripsyon na **competent**, pumapangalawa ang labing-anim (16) ng mga mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na may katumbas na deskripsyon na **highly competent**, at pangatlo ang isang (1) mag-aaral na nakakuha ng antas ng kakayahan na may katumbas na deskripsyong **slightly competent**. Ito ay indikasyon na mas mataas ang iskor ng mga mag-aaral sa kanilang Post-Test kung ihahambing sa kanilang nakuhang iskor sa Pre-Test. Nagpapatunay lamang na ang pagkatuto ay umuunlad.

**Antas ng Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Gramatikang Filipino sa Pre-Test at Post-Test ng Pangkat Eksperimental**

Natuklasan sa ginawang masusing pagsusuri ng mga datos hinggil sa Pre-Test ng pangkat Eksperimental sa antas ng kakayahan sa Gramatikang Filipino na kung saan nangunguna ang kakayahang gramatika sa komponent na **Sintaksis** na may nakuhang *mean* na dalawampu't apat punto siyamnapu't lima (24.95) na may katumbas na deskripsyong **competent**, sumunod ang

komponent na **Morpolohiya** na may *mean* na nakuha na dalawampu't dalawa punto walumpu't tatlo (22.83) na may katumbas na deskripsyong **competent** at sinundan ng komponent na **Semantika** na may *mean* na nakuha na dalawampu't dalawa punto apatnapu't walo (22.48) na may katumbas na deskripsyong **competent** at ang panghuli ay ang komponent na **Ponolohiya** na may *mean* na nakuha ng mga mag-aaral ay labing walo punto apatnapu't tatlo (18.43) na may katumbas na deskripsyong **slightly competent**. Sa kabuuan ng pagsusuri sa resulta ng pasulit sa Pre-Test ng Gramatikang Filipino ng pangkat Eksperimental ay nangunguna sa dami ng mga mag-aaral ang dalawampu't walo (28) na nakakuha ng antas ng kakayahan na may katumbas na deskripsyong **competent**, pumapangalawa ang labing- isang (11) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na may katumbas na deskripsyon na **slightly competent**, pumapangatlo ang isang (1) mag-aaral ang nakakuha ng kakayahan na may katumbas na deskripsyong **not competent**. Natuklasan sa pag-aaral na ito ang kinalabasan ng Post-Test sa antas ng kakayahan sa Gramatika sa Filipino sa pangkat Eksperimental na kung saan nangunguna ang komponent na **Semantika** na may *mean* na nakuha na dalawampu't lima punto tatlumpu't tatlo (25.33) na may katumbas na deskripsyong **competent**, sumunod ang komponent na **Sintaksis** na may *mean* na nakuha na dalawampu't lima punto labinlima (25.15) na may katumbas na deskripsyong **competent** at sinundan ng komponent na **Morpolohiya** na may *mean* na nakuha na dalawampu't apat punto tatlumpu't tatlo (24.33) na may katumbas na deskripsyong **competent** at ang panghuli ay ang komponent na **Ponolohiya** na may na *mean* na nakuha ang mga mag-aaral na labimpito punto siyamnapu't walo (17.98) na may katumbas na deskripsyong **slightly competent**. Sa kabuuan ng pagsusuri sa resulta ng pasulit sa Post-Test ng Gramatikang Filipino sapangkat Eksperimental ay nangunguna sa dami ng mga mag-aaral ang tatlumpu (30) na nakakuha ng antas ng kakayahan na may katumbas na deskripsyon na **competent**, pumapangalawa ang walong (8) mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahan na may katumbas na deskripsyong **slightly competent**, at pangatlo ang isang (1) mag-aaral na nakakuha ng antas ng kakayahan na may katumbas na deskripsyong **highly competent** at isa (1) ring mag-aaral ang nakakuha ng antas ng kakayahang **not competent**. Ito ay nagpapatunay na kinakailangan pa ng masinsinang pagpapalalim at tugon na atensiyon gamit ang pamamaraan sa pagtuturo na Tradisyunal sa kakayahang panggramatika sa Filipino.

### Makabuluhang Antas ng Pagkakaiba sa Pagitan ng Pre-Test at Post-Test ng Pangkat Tradisyunal

Sa pagsusuri ng t-test sa makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagitan ng Pre-Test at Post-Test ng pangkat Tradisyunal, natuklasan na ang kinalabasan sa ginawang pagsusuri ay nagpapakita na ang walang bisang hipotesis ay tinanggihan o hindi pinaniwalaan. Ito ay nagpapakita na ang t-value ay (-)7.2076 na kung saan mas mataas kaysa critical value na 1.6829

sa 41 df na nagpapahiwatig na may makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagitan ng Pre-Test at Post-Test ng pangkat Tradisyunal Nangangahulugan lamang na mayroong pag-unlad sa dating kaalaman ang mga mag-aaral sa kakayahang panggramatika dahil sa isinagawang talakayan. Ito ay maaaring maiangkla sa pag-aaral na isinagawa ni Autman, Kelly, Gaytan at Hunter (2016) patungkol sa *Measuring High School Students' Communication Readiness: Does communication apprehension, writing Ability, and Speaking ability correlate with students' perceptions of professional appearance* na kung saan sinusukat ng mga guro ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pakikipagkomunikasyon sa kakayahang gramatika at persepsiyon upang malaman ang kahinaan at kakulangan na dapat linangin at sanayin sa loob ng klase.

**Makabuluhang Antas ng Pagkakaiba sa Pagitan ng Pre-Test at Post-Test ng Pangkat Eksperimental**

Sa pagsusuri ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng Pre-Test at Post-Test ng pangkat Eksperimental, ang nakalap na datos ay sumailalim sa makabuluhang pagsusuri ng t-test, natuklasan na ang walang bisang hipotesis ay tanggahin o hindi pinaniwalaan. Ito ay nagpapakita na ang t-value ay (-)2.6708 na kung saan mas mataas kaysa critical value na 1.6849 sa 39 df ay nagpapahiwatig na may makabuluhang antas ng pagkakaiba ang Pre-Test at Post-Test ng pangkat Eksperimental. Ito ay nagpapahiwatig na kahit dating kaalaman ang kanilang ginamit ay natamo pa rin ang pag-unlad sa pagkatuto sa pamamagitan ng kanilang sariling pag- aanalisa sa kakayahang panggramatika. Ito ay maaaring maiangkla sa pag-aaral na isinagawa ni Dolotallas at Nagtalon (2015) patungkol sa *The Effect of Experiential Learning Approach on the Students' Performance in Filipino* na kung saan mayroong apat na yugto ang pagkatuto ng isang mag-aaral kung saan kongkretong karanasan ang nagbibigay batayan para sa mga obserbasyon at pagmuni-muni. Ang naging karanasan sa kanilang buhay ay ang magiging pundasyon sa pagkatuto.

**Makabuluhang Antas ng Pagkakaiba sa Pagitan ng Resulta ng Pangkat Tradisyunal at ng Pangkat Eksperimental sa Pre-Test**

Sa ginawang pagsusuri sa makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng kinalabasan ng resulta ng pangkat Tradisyunal at ng pangkat Eksperimental sa Pre-Test, ang nakalap na datos ay isinailalim sa makabuluhang pagsusuri ng t-test, at natuklasan na ang walang bisang hipotesis ay tinanggap at pinaniwalaan. Ang kinalabasan ay nagpapakita na walang makabuluhang antas ng pagkakaibasa pagitan ng kinalabasan ng resulta ng pangkat Tradisyunal at ng pangkat Eksperimental**.** Ito ay nagpapakita na ang t-value ay 1.7638kung saan mas mababa kaysa critical value na 1.9901 sa 80 df. Nangangahulugan lamang na halos pantay ang *Level of Intelligence* ngmga mag-aaral sa dalawang pangkat na hindi pa man nagsimula ang talakayan.

**Makabuluhang Antas ng Pagkakaiba sa Pagitan ng Resulta ng Pangkat Tradisyunal at Pangkat Eksperimental sa Post-Test**

Sa pagsusuri ng t-test sa makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng resulta ng mga mag-aaral sa dalawang pangkat gamit ang Tradisyunal at Eksperimental ng pagtuturo, natuklasan na ang kinalabasan sa ginawang pagsusuri ay nagpapakita na ang walang bisang hipotesis ay tinanggihan o hindi pinaniwalaan.Ito ay nagpapakita na ang t-value ay 3.8704 na kung saan mas mataas kaysa critical valuena 1.9901 sa 80 df na nagpapahiwatig na ang Post-Test ng pangkat Tradisyunal at ng pangkat Eksperimental ay may makabuluhang antas ng pagkakaiba pagitan ng resulta ng dalawang pangkat. Ito ay nagpapahiwatig na mas madaling mauunawaan kung ang pagtuturo ay may sapat na pinagbabasehan kaysa sa dating kaalaman lamang na walang sapat na pagpapaliwanag.

**Makabuluhang Antas ng Pagkakaiba sa Pagitan ng *Mean Gain* ng Pangkat Tradisyunal at ng Pangkat Eksperimental**

Lumabas sa kabuuan ng kinalabasan ng pagsusuri na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng *mean gain* ng pangkat Tradisyunal at ng pangkat Eksperimental upang ang nasabing walang bisang hipotesis ay tinanggihan at hindi pinaniwalaan.

**Makabuluhang Antas ng Kaugnayan sa Pagitan ng Akademik Perpormans at Post-Test ng mga Mag-aaral sa PangkatTradisyunal**

Sa ginawang pagsusuri sa makabuluhang pagkakaugnay sa pagitan ng akademik perpormans at Post-Test ng mga mag-aaralsa Pangkat Tradisyunal, ang nakalap na datos ay isinalalim sa makabuluhang pagsusuri ng Pearson Product Moment Coefficient of Correlation, at natuklasan na ang walang bisang hipotesis ay tinanggihan at hindi pinaniwalaan. Ang kinalabasan ay nagpapakita na maymakabuluhang antas ng kaugnayan sa pagitan ng akademik perpormans at Post-Test ng mga mag-aaral sa pangkat Tradisyunal dahil ang Post-Test ay isa sa mga nagiging basehan sa antas ng pagkatuto ng isang mag-aaral na maaaring pagbabatayan sa pagbuo ng akademik perpormans.

**Makabuluhang Antas ng Kaugnayan sa Pagitan ng Akademik Perpormans at Post-Test ng mga Mag-aaral sa PangkatEksperimental**

Sa ginawang pagsusuri sa makabuluhang pagkakaugnay sa pagitan ng akademik perpormans at Post-Test ng mga mag-aaral sa Pangkat Eksperimental, ang nakalap na datos ay isinalalim sa makabuluhang pagsusuri ng Pearson Product Moment Coefficient of Correlation, at natuklasan na ang walang bisang hipotesis ay tinanggihan at hindi pinaniwalaan. Ang kinalabasan ay nagpapakita na may makabuluhang antas ng kaugnayan sa pagitan ng akademik perpormans at Post-Test ng mga mag-aaral sa pangkat Eksperimental. Nangangahulugan lamang na ang Post-Test ay isa sa mga nagiging basehan sa antas ng pagkatuto ng isang mag-aaral na maaaring pagbabatayan sa pagbuo ng akademik perpormans.

**Makabuluhang Antas ng Pagkakaiba sa Pagitan ng Akademik Perpormans ng mga Mag-aaral sa Pangkat Tradisyunal at ng Pangkat Eksperimental**

Lumabas sa kabuuan ng kinalabasan ng pagsusuri na walang makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagitan ng akademik perpormans ng mga mag-aaral sa dalawang pangkat: Pangkat Tradisyunal at ng pangkat Eksperimental kaya ang walang bisang hipotesis ay tinanggap at pinaniwalaan dahil halos pantay ang *mean score* ng akademik perpormans nito. Nangangahulugan lamang na hindi lang ang Post-test ang basehan sa pagbuo ng akademik perpormans dahil kasama na rito ang *Performance Task* na siyang pinakamalaking pamantayan sa akademik perpormans.

**Pagsusuri ng Baryans sa Kakayahang Gramatika sa Pre-Test ng Pangkat Tradisyunal**

Sa pagsusuri sa datos ng baryans ng kinalabasan sa kakayahang gramatika sa Pre-Test ng pangkat Tradisyunal ay nagpapakita na ang walang bisang hipotesis ay tinanggihan at hindi pinaniwalaan ng pagsusuri. Natuklasan sa pananaliksik na may makabuluhang pagkakaiba sa baryans sa kakayahang panggramatika sa Pre-Test ng pangkat Tradisyunal. Ang sumusunod na pares na nagtataglay na resultang pinakamababang baryans ay **Ponolohiya at Morpolohiya, Ponolohiya at Sintaksis**, at **Ponolohiya at Semantika**. Nangangahulugan lamang na ang antas na **Ponolohiya** ay palaging maisama sa pares ng pagkakaiba sa baryans dahil mas mababa ang *mean score* (5.96) ng Ponolohiya sa lahat ng komponent sa kakayahang panggramatika. Ito ay nagpapahiwatig na hindi maipagkakaila na maraming mag-aaral ay nahihirapan sa pakikipagkomunikasyon maging sa paggamit ng wastong tuntuning panggramatika sa wikang Filipino, pasalita man o pasulat.

**Pagsusuri ng Baryans sa Kakayahang Gramatika sa Pre-Test Pangkat Eksperimental**

Sa pagsusuri sa datos ng baryans ng kinalabasan sa kakayahang gramatika sa Pre-Test ng pangkat Eksperimental ay nagpapakita na ang walang bisang hipotesis ay tinanggihan at hindi pinaniwalaan ng pagsusuri. Natuklasan sa pananaliksik na may makabuluhang pagkakaiba sa baryans sa kakayahang panggramatika sa Pre-Test ng pangkat Eksperimental. Ang sumusunod na pares na nagtataglay na resultang makabuluhang pagkakaiba sa baryans ay **Ponolohiya at Morpolohiya**, **Ponolohiya at Sintaksis**, at **Ponolohiya at Semantika**. Nangangahulugan lamang na ang antas na **Ponolohiya** ay palaging maisama sa pares ng pagkakaiba sa baryans dahil mas mababa ang *mean score* (22.40) ng Ponolohiya sa lahat ng komponent sa kakayahang panggramatika. Ito ay nagpapahiwatig na nahihirapan ang mga mag-aaral na makabuo ng maayos na usapan o matukoy ang makabuluhan at di makabuluhang tunog na ginagamit sa kanyang wika na walang pinagbabatayan.

**Pagsusuri ng Baryans sa Kakayahang Gramatika sa Post-Test ng Pangkat Tradisyunal**

Sa pagsusuri sa datos ng baryans ng kinalabasan sa kakayahang gramatika sa Post-Test ng pangkat Tradisyunal ay nagpapakita na ang walang bisang hipotesis ay tinanggihan at hindi pinaniwalaan ng pagsusuri. Natuklasan sa ginawang masusing pagsusuri ng mga datos ng mga mag-aaral na may makabuluhang pagkakaiba sa baryans sa kakayahang panggramatika sa Post-Test ng pangkat Tradisyunal. Ang pares na nagtataglay na resultang makabuluhang pagkakaiba sa baryans ay ang sumusunod: **Ponolohiya at Semantika** at **Sintaksis at Semantika**. Nangangahulugan sa apat na komponent sa kakayahang panggramatika: Ponolohiya, Morpolohiya, Sintaksis at Semanatika ay may sapat na kaalaman sa pagkatuto pagkatapos ng maingat at masuring talakayan.

**Pagsusuri ng Baryans sa Kakayahang Gramatika sa Post-Test ng Pangkat Eksperimental**

Natuklasan sa ginawang masusing pagsusuri ng mga datos ng baryans sa kakayahang gramatika sa Post-Test ng pangkat Eksperimental ay nagpapakita na ang walang bisang hipotesis ay tinanggihan at hindi pinaniwalaan nangangahulugan lamang na may makabuluhang sa pagkakaiba ng baryans. Ang pares na nagtataglay na resultang makabuluhang pagkakaiba sa baryans ay ang sumusunod: **Ponolohiya at Morpolohiya**, **Ponolohiya at Sintaksis**, at **Ponolohiya at Semantika** sa kakayahang panggramatika sa Post-Test. Ito ay nagpapahiwatig na may sapat na ideya ang mga mag-aaral sa apat na komponent sa kakayahang panggramatika.

## KONGKLUSYON

1. Batay sa propayl ng mga mag-aaral na naaayon sa kasarian, mas mataas ang bilang ng mga lalaki kaysa sa mga babae sa pangkat Tradisyunal samantalang mas mataas ang bilang ng mga babae kaysa sa mga lalaki sa pangkat Eksperimental.
2. Batay sa akademik perpormans ng mga mag-aaral sa Grade 11, makikitang may mataas na bilang ng mga mag-aaral mula sa pangkat Tradisyunal ang nakakuha ng *mean* na markang 94.79 na may katumbas na deskripsyong Pinakamahusay kaysa pangkat Eksperimental na nakakakuha na *mean* na markang 93.70 na may katumbas na deskripsyong Pinakamahusay sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino.
3. Batay sa antas ng kakayahan sa gramatikang Filipino, sa pangkat Tradisyunal ay mas mataas ang lebel na iskor sa Post-Test mula sa isinagawang Pre-Test. Ito ay nangangahulugan na naging epektibo ang ginawang talakayan ng guro.
4. Batay sa antas ng kakayahan sa gramatikang Filipino, sa pangkat Eksperimental ay mas mataas ang iskor ng mga mag-aaral sa kanilang

Post-Test kung ihahambing sa kanilang nakuhang iskor sa Pre-Test. Nagpapatunay lamang na ang pagkatuto ay umuunladsa bawat mag-aaral.

5. Ang nakuhang resulta ay may makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagitan ng Pre-Test at Post-Test na *mean score* mula sa dalawang pangkat; pangkat Tradisyunal at ng pangkat Eksperimental.

6. Ang nakuhang resulta ay nagpapakita na ang walang bisang hipotesis ay tanggihan at hindi pinaniwalaan. Ang resulta ay nagpapakita na walang makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagitan ng resulta ng pangkat Tradisyunal at ng pangkat Eksperimental sa Pre-Test. Nangangahulugan lamang na halos pantay ang *Level of Intelligence* ng mga mag-aaral sa dalawang pangkat na hindi pa man nagsimula ang talakayan.

7. Ang nakuhang resulta ay nagpapakita na walang bisang hipotesis ay tanggapin at paniwalaan. Ang resulta ay nagpapakita na may makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagitan ng resulta ng pangkat Tradisyunal at ng pangkat Eksperimental sa Post-Test. Ito ay nagpapahiwatig na mas madaling mauunawaan kung ang pagtuturo ay may sapat na pinagbabasehan kaysa sa dating kaalaman lamang na walang sapat na pagpapaliwanag.

8. Ang nakuhang resulta ay nagpapakita na walang bisang hipotesis ay tinanggihan at hindi pinaniwalaan. Ang resulta ay nagpapakita na may makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagitan ng *Mean gain* ng pangkat Tradisyunal at ng pangkat Eksperimental batay sa apat na komponent ng kakayahang panggramatika.

9. Ang nakuhang resulta ay nagpapakita na walang bisang hipotesis ay tinanggihan at hindi pinaniwalaan. Ang resulta ay nagpapakita na may makabuluhang antas ng kaugnayan sa pagitan ng propayl ng mga mag-aaral batay sa akademik perpormans at Post-Test sa pangkat Tradisyunal at ng pangkat Eksperimental dahil ang Post-Test ay isa sa mga nagiging basehan sa antas ng pagkatuto ng isang mag-aaral na maaaring pagbabatayan sa pagbuo ng akademik perpormans.

10. Ang nakuhang resulta ay nagpapakita na walang bisang hipotesis ay tanggapin at paniwalaan. Ang resulta ay nagpapakita na walang kabuluhang antas ng pagkakaiba sa pagitan ng akademik perpormans ng mga mag-aaral sa pangkat Tradisyunal at Eksperimental dahil halos pantay ang *mean score* ng akademik perpormans ng dalawang pangkat.

11. Gamit ang One-way ANOVA at pinalawak pa ng Scheffe's Test, ang nakuhang resulta ay nagpapakita na ang walang bisang hipotesis ay tinanggihan at hindi pinaniwalaan. Ang resulta ay nagpapakita na may makabuluhang pagkakaiba sa baryans sa kakayahang panggramatika sa Pre-Test ng dalawang pangkat; pangkat Tradisyunal at ng pangkat Eksperimental na kung saan angsumusunod na pares na nagtataglay na resultang baryans ay Ponolohiya at Morpolohiya, Ponolohiya at Sintaksis, at Ponolohiya atSemantika.

12. Ang resulta ay nagpapakita na may makabuluhang pagkakaiba sa

baryans sa kakayahang panggramatika sa Post-Test sa pangkat Tradisyunal. Ang sumusunodna pares na nagtataglay na resultang baryans ay Ponolohiya at Semantika, at Sintaksis at Semantika.

13. Ang nakuhang resulta ay nagpapakita na walang bisang hipotesis ay tinanggihan at hindi pinaniwalaan. Ang resulta ay nagpapakita na may makabuluhang pagkakaiba sa baryans sa kakayahang panggramatika sa Post-Test ng pangkat Eksperimental na kung saan ang sumusunod na pares na nagtataglay na resultang baryans ay Ponolohiya at Morpolohiya, Ponolohiya at Sintaksis, at Ponolohiya at Semantika.

## REKOMENDASYON

1. Bilang isang guro, bigyang pansin ang kondisyon ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan bago isagawa ang mga gawain.
2. Nararapat na bigyan agad ng pasulit ang mga mag-aaral pagkatapos ng isang oras na talakayan upang masukat ang kanilang kaalaman at kasanayan ayon sa istilo ng pagtuturo ng guro.
3. Nararapat na paunlarin at pagyamanin ng mga guro sa Filipino ang kanilang instruksiyon sa mga estratehiyang gramatika, komunikatibo, linggwistiko at kolaboratibong pagkatuto na siyang susi sa pagbuo ng mga holistikong mag-aaral na may ganap na pagkatuto sa asignaturang Filipino.
4. Mahalagang sumailalim ang mga guro sa Filipino ng seminar at pagsasanay para sa karagdagang kaalaman at kakayahan sa mabisang pagtuturo.
5. Nararapat na ang sentro ng pagkatuto ay mga mag-aaral na siyang pinaglalaanan ng mga gawain na inihanda ng guro.
6. Nararapat na ang guro sa Filipino ay maging aktibo at epektibo sa loob ng klasrum upang magkaroon ng makabuluhang pagkatuto.
7. Nararapat na pukawin ang mga interes ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga iba't ibang gawain na siyang makakatulong sa kanilang pagkatuto.
8. Ipabatid sa mga mag aaral ang kahalagahan ng kakayahang panggramatika bilang midyum para sa pagtamo ng kaalaman at kasanayan sa wikang Filipino.
9. Magkaroon ng gawain sa paglinang ng kakayahang gramatika sa Filipino lalong-lalo na sa komponent na Ponolohiya na kung saan ang mga mag-aaral ay nakakuha ng pinakamababang antas ng perpormans sa pamamagitan ng gawaing may kinalaman sa tunog.
10. Iminumungkahi ang pag-aaral hinggil sa kabisaan sa dulog eksperyensyal sa pagtuturo ng Gramatikang Filipino na sumasaklawssa paksa sa una, ikalawa, at ikatlong markahan.

## SANGGUNIANG BANGGIT

Arnilla, A.K. (2013). ***Komunikasyon sa Akademikong Filipino***. Wisemans Book Trading, Inc.

Arrogante, J. at Garcia, L. (2004). ***Kakayahang Pilipino sa Komunikasyong Filipino.*** National Book Store.

Atanacio, H., Golloso, H., Luna, G., Ruzol, H. Ungriano, A.L., & Magdalena, J. (2009). ***Komunikasyon sa Akademikong Filpino (Dulog Modyular).*** Grand Book Publishing House, Inc.

Autman, H., Kelly, S., Gaytan, J., & Hunter, S. (2016). ***Measuring High School Students'communication Readiness: Does Communication Apprehension, Writing Ability, And Speaking Ability Correlate with Students'perceptions Of Professional Appearance*** *the Journal of Research in Business Education*, *57*(2), 42. Retrieved from: https://bit.ly/2W0T9Yd.

Baronda, A.J. (2016). ***Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Filipino.*** JFS Publishing Services.

Bernales, R., Pascual, M.E., Ravina, E., Cordero, M.E., Soriano, J.S., Abenilla, G., & Gonzales, A.L. (2002). ***Komunikasyon sa Makabagong Panahon***. MUTYA Publishing House, Inc.

Bernardino, E. (2016). ***Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino.*** MUTYA Publishing House, Inc.

Cantillo M.L., Gime, A., & Gonzales, A. (2016). ***Sikhay: Aklat sa Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino para sa ika-11 na Baitang.*** St. Bernadette Publishing House Corporation.

Dayag, A. at del Rosario, M. (2016). ***Pinagyamang Pluma Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino***. PHOENIX Publishing House, Inc.

De Vera, M., Astorga, Eriberto., Jr., Conti, B.L., & Decena, J. (2010). ***Komunikasyon sa Akademikong Filipino.*** BOOKS atbp. Publishing Corp.

Dolotallas, A. C., & Nagtalon, J. A. (2015). ***The Effect of Experiential Learning Approach On The Students' Performance In Filipino***. *Journal of Education and Social Policy*, *2*(6), 62-65. Retrieved from: https://bit.ly/2MnFTgA.

Domahs, U., Truckenbrodt, H., & Wiese, R. (2015). ***Phonological and Phonetic Competence: Between Grammar, Signal Processing, And Neural Activity. Frontiers In Psychology, 6, 1899***. Retrieved from: https://bit.ly/2U15xve.

Dunn, R., Beaudry, J. S., & Klavas, A. (2002). ***Survey of Research On Learning Styles.*** *California Journal of Science Education*, *2*(2),75-98. Retrieved from: https://bit.ly/2JKVuok.

Hufana, N. at Santos, A. (2008). ***Ang Akademikong Filipino sa Komunikasyon***. MUTYA Publishing House, Inc.Inocencio, E. at Santiago, E. (1982). ***Ang Sining Ng Pakikipagtalastasan Sa Kolehiyo.*** National Book Store.

Lucero, C. (2016). ***Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino***. Gintong Aral Publications, Inc. Marquez, S. Jr. (2016). ***Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino.*** Sibs Publishing House, Inc.

Martirosyan, N. M., Hwang, E., & Wanjohi, R. (2015). ***Impact of English Proficiency On Academic Performance of International Students***. *Journal of International Students*, *5*(1), 60-71. Retrieved from: https://bit.ly/2XgqKin.

Nuncio, R. & Nuncio, E. (2016). ***SIDHAYA II Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino***. *C & E Publishing, Inc.*

Racca, R. M. A. B., & Lasaten, R. C. S. (2016). ***English Language Proficiency and Academic Performance Of Philippine Science High School Students.*** *International Journal of Languages, Literature and Linguistics*, *2*(2), 44-49. Retrieved from: https://bit.ly/2JcTtkz.

Reyes, A.R. (2016). ***Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino.*** DIWA Learning Systems Inc.

Sanchez, R. & Galit, G. (2014). ***Komunikasyon sa Akademikong Filipino***. Unlimited Books Library Services and Publishing, Inc.

Wurdinger, S., & Allison, P. (2017). ***Faculty Perceptions And Use Of Experiential Learning In Higher Education***. *Journal of e-learningand Knowledge Society*, *13*(1). Retrieved from: https://bit.ly/2KgjA9Y.

***YELC UPCAT Review Filipino Supplementary Exercises*** - (Retrieved from: https://bit.ly/2Ftt5hW.

Zamora, N. at Liwanag, L. (2013). ***Interaktibong Modyul sa Filipino 1 Komunikasyon sa Akademikong Filipino.*** MUTYA PublishingHouse, Inc.